COUNTY NG LOS ANGELES
TAGAPAGREHISTRO-TAGAPAGTALA/KLERK NG COUNTY

# MGA MADALAS NA KATANUNGAN SA PANGKALAHATANG HALALAN SA NOBYEMBRE 2022

## REHISTRASYON NG BOTANTE

### PAANO AKO MAGPAPAREHISTRO PARA BUMOTO?

- Ang pinakamadaling paraan para magparehistro para bumoto ay sa online sa **LAVOTE.GOV.**
- Ang mga aplikasyon sa pagpaparehistro ng botante ay makukuha rin sa karamihan ng mga gusali ng pamahalaan tulad ng mga aklatan, mga opisina ng DMV, mga Opisina ng Koreo, at sa Punong-Tanggapan ng Tagapagrehistro sa Norwalk.
- Ang mga botante ay dapat magparehistro upang bumoto bago ang **ika-24 ng Oktubre** upang makatanggap ng balota ng Pagboto sa pamamagitan ng Koreo para sa halalan na ito.

### PAANO KO MASUSURI ANG KATAYUAN NG AKING REHISTRASYON?

- Maaaring suriin ng mga botante ang kanilang katayuan sa pagpaparehistro at impormasyon sa online sa **LAVOTE.GOV/VRSTATUS** o tumawag sa (800) 815-2666, opsyon 2.

### MAAARI BA AKONG BUMOTO KUNG NAKALAMPAS NA ANG HULING ARAW NG REHISTRASYON?

- Oo. Ang sinumang karapat-dapat na botante na nakalampas sa huling araw ng **ika-24 ng Oktubre** ay maaari pa ring bumoto nang personal sa alinmang Sentro ng Pagboto sa County ng L.A. sa pamamagitan ng May-kondisyong Pagpaparehistro ng Botante (kaparehong-araw na pagpaparehistro).

### KAILAN AT PAANO KO DAPAT ISAPANAHON ANG AKING REHISTRASYON NG BOTANTE?

- Kung ang isang botante ay lumipat ng tirahan, nagpalit ng kanyang pangalan, o gustong magpalit ng kanyang kinakatigang partidong politikal, maaari nilang isapanahon ang kanilang rehistrasyon sa **LAVOTE.GOV.** Para sa mga botante na lumipat sa labas ng County o Estado, mangyaring makipag-ugnayan sa opisina ng Tagapagrehistro sa (800) 201-8999, opsyon 2 upang kanselahin ang iyong rehistrasyon, o bumisita sa **LAVOTE.GOV** upang i-download ang porma ng Kanselasyon ng Rehistrasyon.

## PAGBOTO SA PAMAMAGITAN NG KOREO

### KAILAN KO MATATANGGAP ANG AKING BALOTA NG PAGBOTO SA PAMAMAGITAN NG KOREO ?

- Ang mga balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo ay ipinapadala sa lahat ng mga rehistradong botante simula **ika-6 ng Oktubre.**

### PAANO KO MASUSUBAYBAYAN ANG AKING BALOTA NG PAGBOTO SA PAMAMAGITAN NG KOREO?

- Maaaring subaybayan ng mga botante ang kanilang balota sa pamamagitan ng subskripsyon sa **Where's My Ballot** sa california.ballottrax.net. Ito ay isang libreng subskripsyon na nagpapadala ng mga awtomatikong notipikasyon sa pamamagitan ng text, email, o voicemail sa katayuan ng kanilang balota.

### SAAN KO MATATAGPUAN ANG LISTAHAN NG MGA LOKASYON NG KAHONG HULUGAN NG BALOTA?

- Online sa **LAVOTE.GOV**.
- Ang isang listahan ng mga maginhawang lokasyon ng Kahong Hulugan ng Balota na malapit sa tirahan ng botante ay kasama sa pakete ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo.

### BAKIT KO KAILANGANG PIRMAHAN ANG SOBRE NG PAGBABALIK?

- Beniberipika ng Tagapagrehistro ang pirma sa Sobre ng Pagbabalik sa pirma na nasa rekord ng rehistrasyon ng botante upang kumpirmahin ang pagiging karapat-dapat.

### ILALAGAY KO BA ANG AKING ARAW NG KAPANGANAKAN SA SOBRE NG PAGBABALIK O ANG PETSA NG PAGBABALIK?

- Ilagay ang petsa kung kailan ibinalik ang balota. Kung ipinasok man ng isang botante ang kanilang petsa ng kapanganakan sa halip, ang balota ay ipo-proseso, at kapag napatunayan, ay bibilangin.

### KAILAN KO KAILANGANG ISUMITE ANG AKING BALOTA?

- Maaaring ibalik ng mga botante ang kanilang balota sa sandaling matanggap nila ito.
- Ang lahat ng mga balota ay DAPAT na may tatak-koreo at maibalik sa Araw ng Halalan.
- Ang aming opisina ay tatanggap ng mga balota na may tatak ng koreo sa Araw ng Halalan at natanggap sa loob ng 7 araw pagkatapos ng Araw ng Halalan.

# MGA MADALAS NA KATANUNGAN SA PANGKALAHATANG HALALAN SA NOBYEMBRE 2022

## PAGBOTO SA PAMAMAGITAN NG KOREO

### PAANO KUNG HINDI AKO MAKATANGGAP NG BALOTA O ITO AY MASIRA?

- Ang mga botante ay maaaring humiling ng kapalit na balota sa **LAVOTE.GOV/REPLACEBALLOT.** Ang huling araw para humiling ng pamalit ay **ika-1 ng Nobyembre.**
- Tumawag sa (800) 815-2666, opsyon 2, o mag-email sa votebymail@rrcc.lacounty.gov kasama ang iyong buong pangalan, petsa ng kapanganakan, at address.

### PAANO AKO MAKAHIHILING NG BALOTA SA PAGBOTO SA PAMAMAGITAN NG KOREO SA IBANG WIKA?

- Punan at ibalik ang Porma ng Paghiling sa Wika sa likod ng buklet ng Halimbawang Balota.
- Tawagan ang Seksyon ng Serbisyo sa Iba't-ibang Wika ng Tagapagrehistro sa (800) 815-2666, opsyon 3.
- Ang mga sinusuportahang wika ay: Armenian, Chinese, Khmer, Farsi, Korean, Spanish, Tagalog, Vietnamese, Hindi, Japanese, Thai, Russian, Burmese, Telugu, Gujarati, Indonesian, Mongolian, at Bengali.

## PERSONAL NA PAGBOTO

### MAAARI BA AKONG BUMOTO NG PERSONAL?

- Oo. Ang mga botante ay may opsyon na bumoto nang personal sa alinmang Sentro ng Pagboto simula sa **ika-29 ng Oktubre**.
- Ang mga Sentro ng Pagboto ay bukas araw-araw mula 10 AM hanggang 7 PM, at mula 7 AM hanggang 8 PM sa Araw ng Halalan.

### PAANO AKO MAKAHAHANAP NG ISANG SENTRO NG PAGBOTO?

- Bisitahin ang **LOCATOR.LAVOTE.GOV** para tingnan ang app ng Sentro ng Pagboto ot tumawag sa (800) 815-2666, opsyon 1.
- Ipinapakita ng app ang lahat ng lokasyon ng Sentro ng Pagboto sa County ng LA at ang tinantiyang oras ng paghihintay.
- Ang bawat rehistradong botante ay padadalhan ng hiwalay na koreo sa kalagitnaan ng Mayo na naglilista ng pinakamalapit na lokasyon ng Sentro ng Pagboto sa kanilang tahanan.

### KAILAN AKO PWEDENG BUMOTO NG PERSONAL?

- Maaaring bumisita ang mga botante sa alinmang Sentro ng Pagboto simula **ika-29 ng Oktubre.**
- Samantalahin ang mga pagkakataon ng maagang pagboto at bumoto nang maaga.

### PAANO MO PANANATILIHING LIGTAS ANG MGA SENTRO NG BOTO MULA SA COVID-19?

- Lahat ng Sentro ng Pagboto ay sumusunod sa kasalukuyang mga alituntunin sa kalusugan at kaligtasan ng publiko.
- Ang mga Manggagawa sa Halalan ay magsusuot ng face mask at magpupunas ng mga ibabaw nang regular na beses.
- Lubos na hinihikayat ang mga botante na magsuot ng face mask.

### KAILANGAN KO BANG MAGBIGAY NG IDENTIPIKASYON PARA BUMOTO SA ISANG SENTRO NG PAGBOTO?

- Ang batas ng California ay hindi nangangailangan sa mga rehistradong botante na magpakita ng pagkakakilanlan kapag bumoto.
- Gayunpaman, kung ang isang botante ay nagpaparehistro sa unang pagkakataon, dapat silang magbigay ng wastong ID ng pamahalaan na may larawan o ang huling apat na numero ng Seguridad Sosyal.